



ANG MAHIWAGANG IMBENSYON NI LINO

ni: **MARY JOY M. EXCONDE**

Sa isang payapang bayang napapalibutan ng luntiang kabundukan at dumadaloy na malinaw na ilog, namumuhay ang isang batang nagngangalang Lino. Sa unang tingin, siya ay isang karaniwang bata—payat, maitim ang buhok, at may malalalim na mata. Ngunit sa likod ng kanyang inosenteng anyo ay isang katalinuhan na hindi pangkaraniwan, at isang matinding pagkahilig sa agham at teknolohiya. Sa murang edad na sampu, nagagawa na niyang pagdugtong-dugtongin ang mga sirang piyesa ng radyo, lumang telepono, at mga bakal upang makabuo ng isang bagay na may saysay.

Ang silid ni Lino, na dati'y isang karaniwang silid-tulugan, ay ngayon ay puno na ng mga kagamitan. Dito makikita ang sirang motherboard, mga kinakalawang na bolt, sirang relo, at makukulay na mga wire na galing sa mga lumang appliances. Sa silid na iyon, ginugol ni Lino ang halos lahat ng kanyang oras, bukod sa kanyang pag-aaral. Ang mga magulang ni Lino, sina Mang Isko at Aling Clara, ay hindi mayaman. Si Aling Clara ay nagtitinda ng gulay sa palengke, habang si Mang Isko ay isang karpintero. Bagamat salat sa yaman, hindi nila hinahadlangan ang interes at pagkahilig ni Lino sa agham. Sa halip, buo ang suporta nila sa mga pangarap ng kanilang anak.

Tuwing gabi, habang ang ibang bata sa kanyang gulang ay natutulog, si Lino ay nananatiling gising. Naka-babad siya sa mga librong hiram sa silid-aklatan ng paaralan. Luma man ang mga libro, sapat na ito upang mapunan ang kanyang uhaw sa kaalaman. Pangarap ni Lino na makagawa ng imbensyon na makakatulong hindi lamang sa kanyang pamilya, kundi sa buong komunidad. Hindi siya interesado sa kasikatan, kundi sa kapakinabangan ng kanyang magiging likha. Ang kanyang mga magulang, bagamat abala sa kanilang mga trabaho, ay palaging nandiyan upang magbigay ng suporta, kaya't natutunan ni Lino na pahalagahan ang kahalagahan ng pagtutulungan sa pamilya.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Isang araw, habang pauwi mula sa eskwelahan, nadaanan ni Lino ang tindahan ni Ka Mando, isang matandang lalaki na palaging may ngiti sa labi. Ngunit sa araw na iyon, si Ka Mando ay tila nahirapan sa pagbubuhay ng mga sako ng bigas. Bilang isang bata na may malasakit, agad siyang nagpunta at tinulungan ang matanda. Habang tinutulungan niya ito, pumasok sa kanyang isipan ang isang ideya: "Paano kaya kung may makinarya na kayang magbuhay ng mabibigat na bagay nang hindi nahihirapan ang tao?"

Hindi siya natulog agad nang gabing iyon. Mabilis niyang pinuntahan ang kanyang silid at binuksan ang kanyang "imbensyon journal," isang makapal na kuwaderno kung saan niya isinusulat ang lahat ng kanyang mga ideya. Dito, gumuhit siya ng plano ng isang makina na may mga gulong at braso na kayang buhatin ang mabibigat na bagay. Agad niyang naisip na magiging kapaki-pakinabang ito sa mga tao sa kanyang bayan, lalo na sa mga nagtatrabaho sa bukirin at sa mga palengke.

Sa sumunod na mga linggo, naglibot si Lino sa kanyang bayan upang mangalap ng mga parte para sa kanyang imbensyon. Marami sa mga piyesa na kanyang nakuha ay mula sa junk shop ni Mang Tonyo, isang kaibigan ng kanyang ama. Si Mang Tonyo ay tuwang-tuwa sa sigasig at likas na talino ni Lino. Tinutulungan siya nito sa paghahanap ng mga gamit, at madalas ay ibinibigay pa niya ang mga piyesa nang libre bilang suporta sa bata. Minsan, makikita mo si Lino na naglalakad pauwi mula sa junk shop, may hawak na mga sirang parts na may ngiti sa labi, puno ng excitement at pananabik na matapos ang kanyang proyekto.

Matapos ang halos isang buwan ng pagbubuo, pagsubok, at pagsasaayos, nabuo na ni Lino ang kanyang imbensyon. Tinawag niya itong "Lift-O-Matic," isang maliit ngunit makapangyarihang robot na kayang buhatin ang isang buong sako ng bigas nang hindi kinakailangang buhatin ito ng tao. May mga gulong ito para madali itong mag-move mula sa isang lugar patungo sa iba, at may mga braso na kayang magbuhay ng mabibigat na bagay.

Subalit, habang ginagamit ni Lino ang kanyang imbensyon, napansin niyang may kakaibang nangyayari. Mayroong tila enerhiya na bumabalot sa makina, at may mga kislap na nagmumula sa loob ng mga piyesa nito. Para bang may isang mahiwagang kapangyarihan na

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



hindi niya maipaliwanag. Minsan, kapag ginagamit ang makina, tila mas mabilis ang kanyang pag-iisip, at mga problemang dati ay kinakailangan pa niyang maglaan ng maraming oras upang masolusyunan, ay nauunawaan niya na lamang sa loob ng ilang minuto. Hindi ito nakaligtas sa mata ng kanyang guro sa agham, si Ginoo Ramos, na agad napansin ang pagbabago sa pag-iisip ni Lino.

Isang gabi, habang pinapagana ni Lino ang kanyang imbensyon upang iangat ang isang sako ng bigas na inalay ni Ka Mando, bigla itong kumislap ng matinding liwanag. Nabulag sandali si Lino, at nang magising siya, nakaramdam siya ng kakaibang sigla at katalinuhan. Ang mga konseptong dati ay inaaral pa niyang mabuti ay ngayon ay unti-unting nabubuo sa kanyang isipan. Hindi niya ito masyadong inintindi sa simula, ngunit napansin din ito ni Ginoo Ramos nang dumaan siya sa bahay ni Lino upang makita ang "Lift-O-Matic."

"Hmm... Lino, tila mas mabilis mong nauunawaan ang mga konsepto ngayon. Anong sikreto mo?" tanong ni Ginoo Ramos.

"Sir, gusto ko po sanang ipakita sa inyo ang isang bagay," sagot ni Lino. Dinala niya sa paaralan ang kanyang imbensyon at ipinakita ito kay Ginoo Ramos. Nang subukan ito ng guro, napansin din nito ang mga kakaibang epekto ng makina.

"Hindi ito pangkaraniwang makina, Lino," wika ni Ginoo Ramos. "Napakagaling mo, pero kailangan nating tiyakin na ito ay mapapangalagaan."

Dahil sa mga kamangha-manghang bagay na nangyayari sa imbensyon ni Lino, mabilis na kumalat ang balita tungkol dito sa buong bayan. Dumating ang alkalde ng kanilang bayan upang makita ang makina, at nagsabi, "Lino, ang imbensyon mong ito ay maaaring makatulong sa buong komunidad. Ngunit kailangan nating tiyakin na ito ay hindi mapupunta sa maling kamay."

Kasabay ng papuri ay dumating din ang mga panganib. Isang pangkat ng negosyante mula sa kalapit-bayan ang nag-alok kay Lino ng isang milyong piso para sa kanyang imbensyon.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Ngunit hindi tinanggap ni Lino ang alok na ito. Nagbanta ang mga negosyante, at nagpatuloy ang kanilang mga plano na mang-agaw ng imbensyon mula kay Lino.

Isang gabi, habang himbing na natutulog ang buong pamilya ni Lino, may mga kalalaking pumasok sa kanilang bahay. Buti na lamang at may sensor ang kanyang imbensyon, na agad nag-trigger ng alarma. Nagising si Lino at tinulungan ang kanyang mga magulang. Sa tulong ng mga kapitbahay, nahuli ang mga masasamang loob at dinala sa himpilan ng pulisya.

Sa karanasang iyon, natutunan ni Lino na hindi lamang sapat na magpursige sa paggawa ng imbensyon, kundi mahalaga ring protektahan ito laban sa mga taong may masamang hangarin. Kaya gumawa siya ng isang sistema ng seguridad gamit ang kanyang imbensyon din, upang matiyak na magiging ligtas ang kanyang mga proyekto at ideya.

Mula sa araw na iyon, hindi lamang paggawa ng imbensyon ang naging layunin ni Lino. Nagsimula siyang magturo sa mga batang interesadong matuto tungkol sa agham at teknolohiya. Sa tulong ni Ginoo Ramos at ng kanilang paaralan, binuo nila ang "Science Club ni Lino," isang samahan na naglalayong magturo ng mga pangunahing konsepto sa agham, imbensyon, at etika ng paggamit ng teknolohiya. Hindi lamang sa mga mas nakatatandang bata ito nakatuon, kundi pati na rin sa mga mas batang henerasyon. Nais ni Lino na maipasa ang kanyang kaalaman at inspirasyon sa mga kabataan, upang sa hinaharap, sila naman ang magpapatuloy ng mga proyektong makikinabang ang buong komunidad.

Ang mga aktibidad ng Science Club ay hindi lamang tungkol sa paggawa ng mga makina o robots. May mga eksperimento rin sila tungkol sa enerhiya, kapaligiran, at iba pang aspeto ng agham. Minsan, ang kanilang mga proyekto ay nauugnay sa mga pangangailangan ng komunidad. Halimbawa, gumawa sila ng isang simpleng sistema ng irigasyon gamit ang solar energy na nakatulong sa mga magsasaka sa kanilang bayan.

Dahil sa tagumpay ng Science Club ni Lino, hindi nagtagal ay nakatanggap siya ng imbitasyon mula sa isang pambansang kompetisyon para sa mga batang imbentor. Ang kompetisyong ito ay ginanap sa Maynila at dinaluhan ng mga batang imbentor mula sa iba't ibang bahagi ng

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



bansa. Sa paligsahang iyon, ipinakita ni Lino ang kanyang orihinal na "Lift-O-Matic" at ang mga bagong bersyon nito na siya na mismo ang nag-improve at nag-enhance. Ipinakita rin niya ang mga proyekto ng Science Club, tulad ng solar-powered irrigation system at mga simpleng kagamitan na makakatulong sa mga mag-aaral na walang kuryente upang mag-aral.

Sa buong bansa, naging tampok si Lino dahil sa kanyang likas na katalinuhan at sa kanyang pagnanais na gamitin ang agham at teknolohiya para sa kabutihan. Ang mga eksperto sa agham at teknolohiya na naroroon ay labis na humanga sa mga ideya ni Lino. Nang matapos ang kompetisyon, tinanghal siya bilang batang imbentor ng taon at nanalo ng gintong medalya. Hindi lamang ang kanyang imbensyon ang nakapagpabilib, kundi pati na rin ang kanyang malasakit sa kapwa at ang layunin niyang gamitin ang agham upang magdulot ng positibong pagbabago sa kanyang komunidad.

Matapos ang tagumpay sa pambansang kompetisyon, bumalik si Lino sa kanyang bayan na may mas mataas na pangarap. Ngunit hindi niya kinalimutan ang mga simpleng tao at ang mga bagay na nagsimula ng kanyang paglalakbay. Isang malaking selebrasyon ang ipinagdiwang sa kanilang barangay upang ipagdiwang ang tagumpay ni Lino. Lahat ng mga tao sa bayan ay nagtipon-tipon, mula sa mga magulang at guro ni Lino hanggang sa mga kaibigan at kapitbahay. Ang kanilang pagdiriwang ay hindi lamang para sa pagkapanalo ni Lino sa kompetisyon, kundi para sa lahat ng nagawa niyang pagbabago sa kanilang komunidad.

Bilang bahagi ng kanyang pangako sa kanyang bayan, nagpasya si Lino na magtayo ng isang maliit na laboratoryo sa bayan. Ang laboratoryo na ito ay magiging isang bukas na espasyo para sa mga kabataan na interesado sa agham at teknolohiya. Ang laboratoryo ay hindi lamang magbibigay ng mga kagamitan para sa paggawa ng imbensyon, kundi magiging isang lugar din kung saan ang mga bata ay matututo ng mga konsepto sa agham at matematika, pati na rin ang mga kasanayan sa pag-iisip na kinakailangan upang magtagumpay bilang imbentor.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Sa mga sumunod na taon, patuloy na pinalawak ni Lino ang kanyang mga proyekto. Sa tulong ng mga eksperto at ng mga kabataang kasama niya sa Science Club, nagsimula silang magtrabaho sa mas malalaking proyekto na may kinalaman sa sustainable energy, renewable resources, at mga makabagong teknolohiya para sa mga rural na komunidad. Kabilang sa kanilang mga proyekto ang paggawa ng mga solar panels na maaaring gamitin sa mga bahay na walang kuryente at pagbuo ng mga sistemang pang-agrikultura na hindi nakakasira sa kalikasan.

Hindi rin nakaligtas kay Lino ang pangarap na mas mapalawak ang epekto ng kanyang imbensyon sa buong bansa. Kumuha siya ng scholarship upang mag-aral ng engineering at agham sa isang kilalang unibersidad sa Maynila. Habang siya ay nag-aaral, patuloy ang kanyang pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa agham sa mga kabataang nais matuto. Nagsimula siyang magturo sa mga batang hindi nakakapag-aral sa pamamagitan ng online platforms at mga outreach programs.

Matapos ang ilang taon, nakatanggap si Lino ng isang imbitasyon mula sa isang pandaigdigang organisasyon na nagpo-promote ng agham at teknolohiya. Inimbitahan siya upang magbahagi ng kanyang mga proyekto at ideya sa mga kabataan mula sa iba't ibang panig ng mundo. Sa unang pagkakataon, lumipad si Lino patungong Amerika upang dumalo sa isang global conference para sa mga batang imbentor at mga scientist na may malasakit sa kalikasan.

Sa kabila ng kanyang mga tagumpay, nanatiling mapagpakumbaba si Lino. Nais pa rin niyang gamitin ang lahat ng natutunan at mga koneksyon upang makatulong sa iba, lalo na sa mga komunidad na tulad ng kanyang kinalakihan. Sa kanyang mga pagsasalita at presentasyon, laging niyang binibigyang-diin ang kahalagahan ng pagtulong sa isa't isa at ang tunay na layunin ng agham: hindi lamang upang makuha ang kasikatan, kundi upang magdulot ng mabuting pagbabago sa buhay ng bawat isa.

Pagkatapos ng kanyang mga tagumpay sa unibersidad at mga internasyonal na proyekto, bumalik si Lino sa kanyang bayan upang magsagawa ng mas malalaking proyekto. Bilang isang ganap na inhinyero at siyentipiko, nagsimula siyang magtayo ng mga modernong

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



pasilidad para sa mga magsasaka at mga residente ng kanyang komunidad. Nagdisenyo siya ng mga makinarya na magpapadali sa mga gawain sa bukid, tulad ng mga automated na sistema para sa pagtatanim at pag-aani. Nag-install din siya ng mga solar panels sa mga bahay ng kanyang mga kababayan upang matulungan silang magkaroon ng kuryente, nang hindi umaasa sa mga traditional na power sources.

Ngunit higit pa sa lahat ng mga imbensyon at proyekto na kanyang isinakatuparan, ang tunay na legacy ni Lino ay ang kanyang pagtuturo sa mga kabataan na ang tunay na mahika ng agham ay hindi nakasalalay sa mga makinang kumikislap o teknolohiyang makabago. Ang tunay na "mahika" ay nasa isang pusong may malasakit, isang isipan na puno ng pag-asa, at isang kamay na handang magtrabaho upang baguhin ang mundo sa mabuting paraan.

Bilang isang inhinyero, siyentipiko, at guro, ipinagpatuloy ni Lino ang kanyang misyon na magbigay liwanag sa mga kabataang nais magbago at mag-ambag sa mundong puno ng mga hamon. Sa bawat proyekto at imbensyon, patuloy niyang pinapakita na ang agham ay hindi lamang para sa mga eksperto at mayayaman, kundi para sa lahat, lalo na sa mga taong may malasakit at pagnanais na gawing mas maganda ang buhay ng bawat isa.

Sa ganitong paraan, ang liwanag na ipinanganak mula sa kanyang mga imbensyon at pangarap ay patuloy na magliliwanag, hindi lamang sa kanyang bayan, kundi sa bawat sulok ng mundo.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
